On this page:

Ang kailangan mong malaman
Paano tatawag sa NDIS
Pag-unawa sa NDIS
Pagpaplano
Paggamit ang iyong Planong NDIS
Karagdagang impormasyon

Ang papel-pangkaalamang ito ay naglalaman ng impormasyon para sa mga taong may kapansanan na nangangailangan ng mga serbisyo ng interpreter.

Ang kailangan mong malaman

Ang mga Serbisyo ng Interpreter ay tumutulong sa paglipat ng mga komunikasyon mula sa piniling wikang gagamitin ng isang tao patungo sa wikang Ingles. Ang mga Serbisyo ng Interpreter ay inihahatid ng TIS National, sa ngalan ng National Disability Insurance Scheme (NDIS).

Kinontrata ng TIS National ang mahigit sa 3,000 sertipikadong interpreter sa buong Australya, sa mahigit sa 160 na iba’t ibang wika.

Paano tatawag sa NDIS

Maaari mong tawagan ang TIS National nang direkta sa 131 450 upang humiling na maka-usap ang NDIS sa 1800 800 110.

Pag-unawa sa NDIS

Ang mga kalahok ng NDIS at mga tagapag-alaga ay hindi sisingilin para sa mga serbisyo ng interpreter.

Ang tungkulin ng interpreter ay magsalin lamang ng mga binibigkas na salita. Ang ibig sabihin nito ay hindi siya maaaring magbigay sa iyo ng payo tungkol sa NDIS.

Ang mga Tagaplano ng NDIS, mga Serbisyo ng Maagang Pamamagitan sa Maagang Pagkabata, mga Serbisyo ng Koordinasyon sa Inyong Lugar ay maaaring makatulong sa pagkuha mo ng interpreter.

Pagpaplano

Ang iyong Tagaplano ng NDIS, mga Serbisyo ng Maagang Pamamagitan sa Maagang Pagkabata, mga Serbisyo ng Koordinasyon sa Inyong Lugar o Tagapangasiwa ng Suporta ay magrereserba ng isang sertipikadong interpreter para sa iyo.

Maaari kang magsama ng isang kapamilya o kaibigan na nagsasalita ng Ingles sa iyong mga pakikipagkita, ngunit ang NDIS ay magbibigay din sa iyo ng interpreter.

Hangga’t maaari, ang mga on-site interpreter ay irereserba upang makasama sa iyong harap-harapang mga pakikipagkita sa NDIS, habang ang mga serbisyo ng interpreter sa telepono ay gagamitin sa mga maiikli, simpleng pag-uusap.

Hangga’t maaari, ang mga on-site interpreter ay irereserba upang makasama sa iyong harap-harapang mga pakikipagkita sa NDIS, habang ang mga serbisyo ng interpreter sa telepono ay gagamitin sa mga maiikli, simpleng pag-uusap.

Ang NDIS ay maaaring magbigay ng isang plano ng kalahok na nakasulat sa wikang pinili mo o ng iyong tagapag-alaga.

Paggamit ang iyong Planong NDIS

Tungkulin ng iyong NDIS Provider na mag-alok sa iyo ng mga serbisyo ng interpreter upang makatulong sa iyong gamitin ang mga suporta na pinopondohan sa iyong plano.

Ang iyong NDIS Provider (Tagapagbigay ng NDIS) o Tagapangasiwa ng Suporta ay magrereserba ng isang pangsuportang interpreter na harapan man o sa telepono.

Ang mga tagasuportang interpreter ay hindi bahagi ng iyong planong NDIS.

Maaari mong hilingin sa iyong NDIS Provider na tulungan kang mag-reserba ng natatanging interpreter sa tuwing makikipagkita ka sa kanila, halimbawa, kung nais mo ang mismo ding interpreter na iyon o mas gusto mo ng lalaki o babaeng interpreter.

Ang mga rehistradong NDIS Provider, kabilang ang mga Tagapangasiwa ng Suporta, ay maaaring magparehistro sa TIS National upang payagan ang mga kalahok ng NDIS at ang kanilang mga tagapag-alaga na maka-access sa mga interpreter na pinopondohan ng NDIS.

Karagdagang impormasyon

NDIS - 1800 800 110

Para sa mga taong nangangailangan ng tulong sa Ingles

TIS National: 131 450

Para sa mga taong may kapansanan sa pandinig o pananalita

TTY: 1800 555 677

Speak and Listen (Magsalita at Makinig): 1800 555 727

www.relayservice.gov.au

Contact supports and services

Translating and interpreting

Find out about language interpreting services or phone **131 450**.

National relay service

Visit the National Relay Service website.

Family violence support

Find family violence and mental health services.

This page current as of
1 May 2019